Hulyo 1, 2019

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 116, s. 2019

PAGPUPULONG NG PANSANGAY NA SAMAHAN NG MGA GURO SA FILIPINO (PASAGUFIL)

SA MGA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid Pang-edukasyon (SGOD at CID)
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pandistrito
Kinauukulang Punong Guro/Pinuno ng mga Paaralan sa
sa Antas Elementarya, Sekondarya

1. Bilang paghahanda sa nalalapit na Pagdiriwang ng Buwan Ng Wika 2019 at sa pakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Wikang Pambansa ngayong Agosto alinsunod sa itinakdang Pampangulong Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, ang DepEd Sangay ng Sorsogon ay magsasagawa ng pulong ng mga kasapi sa Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino na gaganapin sa Hulyo 3, 2019, ganap na ika-9:00 ng umaga, sa Library Hub.

2. Layunin ng gawaing ito na:
   a. Maibigay ang mga bagong kaalaman hinggil sa Filipino bilang wika at asignatura.
   b. Mailahad ang plano ng PASAGUFIL para sa TP 2019-2020.
   c. Mabuo at maibahagi ang plano ng pagsasagawa ng Pansangay na Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2019.

3. Ang pagpupulong ay dadaluhan ng mga opisyal ng Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino; Pangulo ng organisasyon ng mga guro sa bawat klaster sa sekondarya; at mga pandistritong tagapag-ugnay/koordineytor sa elementarya. Sakaling hindi makadadalo ang Pangulo, maaaring magpadala ng kinatawan buhat sa samahan. Inaanyayahang dumalo sa pulong na ito sina Gng. Imelda G. Narvadez ng Gallanosa National High School at si Gng. Maria Ana B. Gojar ng Bulan National High School.

4. Ang talaan ng pansangay na opisyal ay nasa kanugnog na papel sa Kalakip Blg. 1.

5. Ang guguling kaugnay ng gawain gaya ng pamasahe at iba pang gugulin ng mga kalahok na may kaugnayan sa gawain ay manggagaling sa pondong lokal/MOOE na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng memorandum na ito.

LOIDA N. NIDEA. Ed.D., CESO V
Schools Division Superintendent

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
SAMAHAN *FILIPINO* *GURO*

scavito/070119

Kalakip Blg. 1

PANSANGAY NA SAMAHAN NG MGA GURO SA FILIPINO (PASUGUFIL)
2019 – 2020

Posisyon	Pangalan
Pangulo	Vanessa M. Lopez
Pangalawang Pangulo	Linda Marfil (Elementarya) Denver Gerero (Sekondarya)
Kalihim	Arlene Belga (Elementarya) Grace Lani Fulleros (Sekondarya)
Ingay-Yaman	Julie Ann A. Bas
Tagasuri	Gilbert C. Nabas
Tagapagbalita	Mabel de Vera
Tagapangasiwa	Luningning Espedido John Renz G. Gernale
Tagapamayapa	Ailyn Larosa Cierel Edma
Komite Sa Pampahayagan	Annie Logenio Alfredo Hizola
Tagapayo	Imelda G. Narvadez